



**Muling Pagbubukas ng Atlantic City
Revitalization Grant Program (Programang
Gawad sa Muling Pagpapasigla ng Atlantic City
- Eksperimental) ng New Jersey Economic
Development Authority (Awtoridad sa
Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey
*Abiso sa Pagkakaroon ng Pondo***

Sisimulan ng New Jersey Economic Development Authority (“NJEDA” o “Authority”) ang pagtanggap ng mga aplikasyon para sa muling pagbubukas ng eksperimental na Atlantic City Revitalization Grant Program (Programang Gawad sa Muling Pagpapaunlad sa Atlantic City o “Programa”) sa **Pebrero 7, 2025 sa ganap na 10:00am EST**. Tatanggapin ang mga aplikasyon hanggang sa ganap na maigawad ang lahat ng pondo.

Ang muling pagbubukas ng Programa ay gagawing makukuha ang \$6,000,000 sa gawad na pagpopondo sa pamamagitan ng „nagpapatuloy na proseso ng aplikasyon sa mga karapat-dapat na for-profit at non-profit na entidad para pondohan ang mga kapital na proyekto ng pagpapaunlad ng real estate na muling magpapasigla sa Lungsod ng Atlantic City mula sa pandemyang COVID-19 sa pamamagitan ng pagbibigay ng suporta na hanggang 50% ng mga gastos para sa mga kapital na proyektong matatagpuan sa loob ng Atlantic City na may minimum na gawad na \$250,000 at maximum na gawad na \$2.5 milyon.

Kailangang magbayad ng singil na \$1,000 sa panahon ng aplikasyon. Maa-access ang aplikasyon online sa: [Atlantic City Revitalization Grant Program \(Programang Gawad sa Muling Pagpapasigla ng Atlantic City - Yugto 2 - NJEDA\)](#)

Layunin at Pangkalahatang Ideya

Habang patuloy na bumabangon ang ekonomiya ng New Jersey sanhi ng COVID-19, nananatiling mahalaga ang mga pamumuhunan sa mga naghihikahos na lungsod para sa pagsisimula ng mga lokal na ekonomiya at pagtataguyod ng malalakas, matatatag, at mga makatarungang pagsusumikap sa pagbangon ng ekonomiya upang maisulong ang mga inisyatiba sa pagpapaunlad ng ekonomiya na nakabase sa lugar. Patuloy pa ring hinaharap ng Atlantic City ang walang humpay na hamon sa ekonomiya, kabilang ang mataas ng antas sa kawalan ng trabaho, limitadong access sa mahahalagang kaalwanan tulad ng mga de-kalidad na opsyon sa pagkain, kakulangan ng mga class A na espasyong pang-opisina, at ang kawalan ng kakayahang ma-access ang mga insentibo ng Estado na makukuha ng iba pang mga munisipalidad.

Pagtutuunan ng Programa ang pagtitiyak na ang mga komunidad ay direktang sinusuportahan sa pamamagitan ng pagtitiyak na tinutugunan ng proyekto ang negatibong epekto ng COVID-19 at nag-

aambag sa muling pagpapasigla ng Atlantic City. Ang Programa ay idinisenyo para mamuhunan sa mga proyekto ng pagpapaunlad ng real estate sa Atlantic City na nagpapamalas ng kakayahang linangin ang kapaligiran at mga kapitbahayan na kailangan para makaakit at magpanatili ng mga lokal na manggagawa, magbigay-daan sa paglikha ng negosyo at turismo, paigtingin ang kasiglaan ng downtown sa pamamagitan ng mga pagsusumikap sa pagsuporta sa maliliit na negosyo, pagsuporta sa mga inisyatibang malinis at ligtas, pagtugon sa mga isyu ng kawalan ng seguridad sa pagkain, at pagpapatatag sa mga suporta sa epekto sa lipunan para sa komunidad ng Atlantic City sa pangkalahatan. Pagbubutihin ng gawad na pagpopondo ang pamumuhunan sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagsusumikap upang ma-activate ang hindi nagagamit, mareremata, o bakanteng lupa para sa mga proyekto upang maitaguyod ang makatarungang paglago ng ekonomiya at pagbuo ng yaman ng komunidad sa Atlantic City.

Ang muling pagbubukas ng Programa ay patuloy na pangangasiwaan ang epektibong paggamit ng mga inilaang pondo para sa mga kapital na proyektong hatid ng komunidad sa pamamagitan ng proaktibong pagtugon sa mga negatibong epekto sa ekonomiya ng pandemya sa pamamagitan ng pag-invest sa mga proyektong nagpapakita ng kakayahang linangin ang kapaligiran at mga kapitbahayan. Ang pagbubukas ng Programa ay magpapatuloy na makaakit at magpanatili ng mga lokal na manggagawa, magbigay-daan sa paglikha ng negosyo at turismo, paigtingin ang kasiglaan ng downtown sa pamamagitan ng mga pagsusumikap sa pagsuporta sa maliliit na negosyo, pagsuporta sa mga inisyatibang malinis at ligtas, pagtugon sa mga isyu ng kawalan ng seguridad sa pagkain, at pagpapatatag sa mga suporta sa epekto sa lipunan para sa komunidad sa pangkalahatan.

Mga Detalye Hinggil sa Programa

Ang muling pagbubukas ng Programa ay pananatilihin ang pokus nito sa direktang pagsuporta sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang tinutugunan ng proyekto ang negatibong epekto ng COVID-19 at nag-aambag sa muling pagpapasigla ng Atlantic City. Sinusuportahan ng Programa ang pagpapaunlad ng real estate, partikular na ang ***mga kapital na proyekto*** ("Proyekto") sa anyo ng mga gawad upang suportahan ang rehabilitasyon o bagong konstruksyon, pati na rin ang iba pang mga kaugnay na gastos sa pagpapaunlad na may pinakamababang gawad na \$250,000 at hanggang sa pinakamalaking gawad na \$2.5 milyon sa gawad na pagpopondo sa isang Proyekto.

Ang mga kapital na proyektong ito ay kailangang direktang suportahan ang mga kapitbahayan at komunidad ng Atlantic City upang mapaigting ang kasiglaan ng downtown, paggamit ng pampublikong espasyo, trapiko ng mga naglalakad, at pagkalahatang kasaganaan ng ekonomiya sa Atlantic City at maaaring kabilangan ang:

- Mga pagpapabuti sa pampublikong imprastruktura na maaaring sumuporta sa pagkumpleto ng proyekto; o
- Mga proyekto ng kapital na konstruksyon na nagre-renovate o nagpapanumbalik ng gusaling bakante o may bahaging bakante (sa panahon ng aplikasyon at hanggang sa pag-apruba).

TANDAAN: Ang mga bagong proyekto ng konstruksyon ay hindi na karapat-dapat na tumanggap ng pagpopondo sa ilalim ng Programang ito.

Pinagmumulan ng Pagpopondo

Gagamitin ng Programa ang natitirang pondong \$2,266,726.29 na ibinigay sa pamamagitan ng American Rescue Plan ("ARP"), Coronavirus State and Local Fiscal Recovery Funds ("SLFRF"), na inilaan para sa "Mga Inisyatiba sa Atlantic City" sa Appropriations Act (P.L. 2023, c. 74). Ang karagdagang \$1 milyon ay inilaan bilang bahagi ng proseso ng SLFRF sa Piskal na Taon 2025 para sa mga Inisyatiba ng Atlantic City na maghahatid ng kabuuang halaga ng pagpopondo na \$3,266,726.29. Dahil sa pag-urong ng ginawaran sa halagang \$7,750,756.18 at ang muling paglalaan ng \$682,687 mula sa Activation, Revitalization and Transformation (A.R.T.) – Atlantic City (Real Estate Grant Program) patungo sa Muling Pagbubukas ng Atlantic City Revitalization Program, ang kabuuang halaga ng pagpopondong makukuha para sa Programa ay **\$6,000,000**.

TANDAAN: Ang kabuuang pagpopondo at potensyal na halaga ng gawad ay nakabatay sa kasalukuyang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng pagpopondo; pinananatili ng NJEDA ang karapatang madagdagan ang gawad na halaga na iyon at bilang ng mga gawad kung magiging available ang mga karagdagang pondo.

Pagiging Karapat-dapat

Ang mga karapat-dapat na aplikante ("Aplikante" o "Entidad ng Developer") ay mga for-profit o non-profit na entidad na responsable sa pangangasiwa ng proyekto ng pagpapaunlad ng real estate at pag-uugnay ng mga aktibidad na nauugnay sa proyekto, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, disenyo ng proyekto, pagpipinansya ng proyekto, at pagpepermit at mga lokal na pag-apruba.

TANDAAN: Mga pangunahing kumpanya ng real estate o iba pang mga entidad para sa espesyal na layunin na umiiral lamang para magmay-ari o proyekto ng real estate ay **hindi** karapat-dapat. Anumang entidad ng lungsod, Estado, o county at anumang mga kolehiyo o unibersidad ay **hindi** karapat-dapat na mag-apply para sa anumang suporta para sa Programa.

Upang maging karapat-dapat para sa Programa, ang Aplikante ay kailangang:

- Maging nasa mabuting katayuan sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development (Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa) at New Jersey Department of Environmental Protection (Kagawaran ng Proteksyon sa Kapaligiran) bago maaprubahan.
- Magbigay ng kasalukuyang tax clearance certificate bago maaprubahan upang maipakita na ang aplikante ay nasa napakabuting katayuan sa New Jersey Division of Taxation (Dibisyon ng Pagbubuwis), maliban kung hindi kailangan ng aplikante na magparehistro sa Division of Taxation.

Ang mga nag-a-apply na entidad (kada EIN) ay hindi maaaring magkaroon ng mahigit 100 full time na trabaho sa panahon ng aplikasyon alinsunod sa nai-fil nilang WR30 noong nakaraan o anumang iba pang dokumentasyong kailangan para malaman ang pagiging karapat-dapat.

Upang maging karapat-dapat, kailangang ipakita ng aplikante ang katibayan na ang natitirang halaga ng pagpopondong kailangan ay nakuha na bago ang pag-apruba. Ang "nakuha" ay nangangahulugan na nagbigay ang aplikante ng ipinatupad na kasunduan sa gawad, nangako, at ipinatupad ang mga

kasunduan sa loan, o pahayag ng bangko/pinansyal na institusyon para maberipika na mayroong mga pondo. Ito ay upang matiyak na ang mga Pederal na pagsasapanahon ay matutugunan.

Mga Karapat-dapat na Paggamit

Ang gawad na pagpopondo ay maaari **lamang** magamit para sa mga sumusunod na uri ng mga proyektong real estate na matatagpuan sa Atlantic City:

- Ang komersyal na proyekto ay dapat tugunan ang pangangailangan ng komunidad na nakalista sa "Mga konsiderasyon na may lokal na epekto" na inilalarawan sa ibaba (ang 100% residensyal ay **hindi** karapat-dapat ngunit ang magkahalong paggamit na konstruksyon ay karapat-dapat; kailangang magkaroon ng hindi bababa sa 20% ng kabuuang talampakang kuwadrado ng gusali na nakalaan sa pangkomersyong paggamit).
- Renobasyon o pagpapanumbalik ng gusaling bakante o may bahaging bakante na kinakailangang ayusin (kung ang proyekto ay binubuo ng bakanteng espasyo o may bahaging bakante, kailangan ito sa panahon ng aplikasyon at hanggang sa pag-apruba).
- Mga proyektong tinutugunan ang hindi bababa sa isang "Konsiderasyong may lokal na epekto" gaya ng tinukoy sa ibaba at sa loob ng Atlantic City.
- Maaaring kasama sa mga proyekto ang mga pagpapabuti sa pampublikong imprastruktura na kailangan upang maayunan o makumpleto ang Proyekto.

Mga Dagdag na Kinakailangan at Paghihigpit sa Proyekto:

- Maaaring isama ang lahat ng gastos sa Proyekto (mga soft at hard cost sa konstruksyon – walang gastos sa pagpapatakbo) at maaaring isama ang mga gastos bago paunlarin ang proyekto na nauugnay sa Proyekto.
- Ang singil sa developer ay hindi maaaring lumampas ng 8% ng mga kabuuang gastos sa Proyekto.
- Ang mga karagdagang gastos ng mga kabuuang gastos sa Proyekto ay hindi maaaring lumampas ng 10% ng mga hard cost ng Proyekto at 5% ng mga soft cost ng Proyekto. Ang halaga ng Gawad ay hindi tataas pagkatapos maaprubahan dahil sa mga karagdagang gastos.
- Kailangang ganap na makumpleto ang lahat ng Proyekto bago lumampas ng katapusan ng taon sa kalendaryo 2026 (alinsunod sa mga deadline ng US Treasury). Mapapailalim ang mga gawad sa mga pederal na kinakailangan sa Pagdodoble ng mga Benepisyo.
- Ang pagsusuri sa pagiging makatuwiran ng gastos ay makukumpleto bago maaprubahan ang anumang Proyekto.
- Ang pagpopondo ay mapapailalim sa pagsunod sa sa nananaig na batas ng New Jersey sa sahod at iba pang mga hinihingi ng mga pamantayan sa paggawa. Ang ibang mga kinakailangan ng Estado na maaaring maiangkop ay magdedepende sa mga detalye ng Proyekto at mga halaga ng pagpopondo, kabilang ang New Jersey Executive Order 215 noong 1989 hinggil sa kinakailangan para sa mga pagtatasa sa kapaligiran.

Mga Hindi Karapat-dapat na Paggamit

Itong Let'sPlaySF is **hindi** makukuha ng:

- Anumang nakaraang entidad (EIN) na dating ginawaran ng gawad sa ilalim ng Yugto 1 ng

- programang ito.
- Sinumang ginawaran na may ganap na ipinatupad na Kasunduan sa Gawad para sa Real Estate Grant sa ilalim ng Programang Activation Revitalization Transformation (ART) ng NJEDA.
 - Mga bagong proyekto ng konstruksyon at tanging proyekto ng pagbili ng ari-arian. (Pinahintulutan ang bagong konstruksyon sa nakaraang bersyon ng programang gawad na ito ngunit dahil sa limitadong panahon na natitira para magastos ang mga Pederal na pondo, hindi na ngayon karapat-dapat ang bagong konstruksyon.)
 - Mga Proyektong sinimulan ang konstruksyon. Hindi maaaring masimulan ang konstruksyon, kabilang ang demolisyon at remedyasyon, hanggang sa maaprubahan.
 - Mga pangunahing kumpanya ng real estate o iba pang mga entidad para sa espesyal na layunin na umiiral lamang para magmay-ari o proyekto ng real estate.
 - Anumang entidad ng lungsod, Estado, o county at anumang mga kolehiyo o unibersidad ng estado.

Mga Konsiderasyon sa Pagiging Karapat-dapat sa Proyekto

Dahil nilalayon ang Programang pinopondohan ng pederal na pamahalaan para mapahupa ang mga negatibong epekto ng COVID-19, kailangang ipakita ng mga aplikante kung paano mapapakinabangan ng komunidad ang Proyekto.

Kailangan ng lahat ng Aplikante na magpatunay sa mga sumusunod na kinakailangan sa panahon ng aplikasyon, kapag naaangkop:

- Epekto ng COVID: Ang proyekto ay tumutugon sa mga negatibong epekto ng pandemyang COVID-19 sa pampublikong kalusugan at/o ekonomiya at sumusunod sa lahat ng hinihingi ng programang ARP.
- Kapasidad: May karanasan ang Aplikante sa pagpapatupad ng hindi bababa sa tatlong proyektong may magkakatulad na saklaw at laki (magkakatulad sa laki ng badyet at saklaw) at magbigay ng dokumentasyon. Makukuha lamang ang mga eksepsyon sa kinakailangang ito kung pipiliin ng Aplikante ang pagsuporta sa "Mga Pagsusumikap sa Maliit na Negosyo" o "Mga Pagsusumikap sa Kawalan ng Seguridad sa Pagkain" bilang kanilang konsiderasyon na may lokal na epekto sa panahon ng aplikasyon, kung saan ipinagpapaliban ang kinakailangang karanasan.
- Mga Pangmatagalang Epekto: Paano magkakaroon ng positibong malaking epekto ang proyekto sa komunidad o kapitbahayan kung saan matatagpuan ang Proyekto.
- Restriksyon sa Kasulatan: Kung ang ari-arian ay pag-aari ng aplikante, kailangan nilang sumang-ayon sa 5-taong paghihigpit sa kasunduan para hindi mabago ang paggamit ng proyekto pagkatapos ng huli nilang paglalabas o pagsasara ng proyekto.
- Katatagang Pinansyal: Ang proyekto ay may katatagan sa pananalapi at kayang suportahan ang sarili pagkatapos ng konstruksyon. Ang aplikante ay kailangang makapagpatakbo para sa kinakailangang haba ng panahon alinsunod sa 5-taon na restriksyon sa kasulatan.
- Pagkumpleto ng Proyekto: Sumasang-ayon ang aplikante na matugunan ang iniaatas ng U.S. Department of Treasury sa pagsasapanahon ng pagkumpleto ng proyekto sa 12/31/2026. Sakaling pumalya ang proyekto ng konstruksyon para makumpleto sa oras bago lumampas ng deadline ng US Treasury, higit pang kinikilala ng Aplikante na maaari silang mapanagot

para sa muling pagkuha ng mga gawad na pondong kinuha nila o natanggap.

- Mga Konsiderasyon na May Lokal na Epekto: Tinutugunan ng Proyekto ang hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na inisyatiba ng komunidad:
 - Mga Pagsusumikap sa Maliit na Negosyo - Ang mga negosyong nakikibahagi sa mga sumusunod ay hindi karapat-dapat sa pagpopondo: pagsasagawa o pagsusuplay ng "adulto" (iyon ay, pornograpiya, malaswa, mahalay o iba pang may hindi magandang reputasyon) na mga aktibidad, serbisyo, produkto o materyal (kabilang ang mga pagganap na hubad o bahaging hubad o pagbebenta ng mga pantulong o aparatong panseks); anumang auction o pagkabangkarote o fire o "nawala ang aming lease" o "magsasara ang negosyo" o katulad na pagbebenta; pagbebenta ng mga hindi permanenteng tagabenta, pagbebenta ng punong pang-Pasko o iba pang imbakan sa labasan; mga negosyong nauugnay sa cannabis; mga casino; o anumang iba pang aktibidad na sagabal.
 - Mga Pagsusumikap sa Kalinisan at Kaligtasan
 - Mga Pagsusumikap sa Kawalan ng Seguridad sa Pagkain
 - Mga Pagsusumikap sa Pagpapasigla ng Downtown (ang lahat ng proyekto ay kailangang matagpuan mula sa Sunset Avenue, Fairmount Avenue, Baltic Avenue hanggang sa boardwalk buong Atlantic City).
 - Paglikha ng Trabaho at Espasyong Pang-opisina

Pag-uulat sa U.S. Treasury: Kung hiniling ng Authority, makikipagtulungan ang Aplikante para bigyan ang U.S. Department of Treasury ng nauukol na impormasyon sa pag-uulat ng lahat ng gastos sa Proyekto na lalampas ng \$1 milyon, sa tuwing kailangan. Partikular na, ang lahat ng aplikasyon ay magbibigay ng salaysay sa kung paano tutugunan ng Proyekto ang mga epekto ng COVID-19 sa Atlantic City, at kung bakit ang kapital na paggasta na ito ay ang pinakanaaangkop para matugunan ang mga pinsala sa ekonomiya na dulot ng COVID-19.

Pagsumite ng Aplikasyon at Proseso ng Pagrerepaso

Patuloy na tatanggap ng mga aplikasyon sa pamamagitan ng online na portal ng aplikasyon ng Programa na mananatiling bukas hanggang sa maigawad/maubos ang lahat ng pondo. Hinihikayat ang mga aplikante na tiyakin na ang lahat ng kinakailangang elemento ng aplikasyon ay isinumite sa panahon ng aplikasyon. Gagawaran ang mga Nakumpletong Aplikasyon sa batayang kung sino ang mauuna ("first in, first out") gamit ang petsa at oras na natanggap ng Authority ang nakumpletong aplikasyon nang sa gayon ang nakumpletong aplikasyon ay magpapatuloy sa gawad bago ang hindi kumpletong aplikasyon na unang natanggao na maaaring dumaan sa prosesong cure na nakasaad sa ibaba.

Isasagawa ng Authority ang pagrerepaso sa mga aplikasyon sa pagkakasunod-sunod ng pagtanggap nila rito. Sa natatanging diskresyon ng Authority, maaaring humingi ng mga cure at paglilinaw ang mga kawani hinggil sa impormasyong kasama sa aplikasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga tugon na salaysay, sumusuportang dokumentasyon, at mga kalakip. Ang mga aplikante ay magkakaroon ng 15 araw ng negosyo mula sa petsa ng email ng kawani upang ibigay ang hiniling na impormasyon at isumite ang anumang nawawala at/o hindi kumpletong dokumento. Ang mga sagot ng aplikante sa mga kahilingan ng mga kawani ay rerepasuhin sa pagkakasunod-sunod na ito ay natanggap. Ang hindi pagtugon sa kahilingan sa loob ng parehong panahon ng 15 araw ng

negosyo ay magreresulta sa pagturing sa aplikasyon na agad na iniurong. Kung hindi natugunan ng aplikante ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat gaya ng inilalarawan sa itaas, maaaring matanggihan ang aplikasyon sa programa. Ang mga aplikante ay may kakayahang umurong sa proseso ng aplikasyon sa anumang oras.

Kailangang ganap na kumpletuhin ng mga aplikante ang lahat ng tanong na kailangang sagutin, at i-upload ang lahat ng hinihinging kalakip sa dokumentong PDF, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

1. Kailangan ang katibayan ng pagmamay-ari o pagkontrol sa site na nagresulta sa pagmamay-ari sa panahon ng aplikasyon. Ang Aplikante (sa sarili nitong pamamaraan o sa pamamagitan ng ganap na pag-aaring entidad para sa espesyal na layunin) ay kailangang magbigay ng kasulatan, mga dokumentong pang-closing (HUD-1 o katibayan na nabili ang site) ipinatupad na kasunduan sa pagbili at pagbebenta, at anuman/lahat ng ito ay kailangang ganap na malagdaan ng nagbebenta at bumibili/aplikante bago ang petsa ng aplikasyon ng aplikante (kung hindi pa na-close, kailangang ipakita sa kasunduan na kayang i-close ng aplikante sa loob ng 60 araw ng petsa ng aplikasyon at kakailanganing ibigay ang kasulatan bago ipatupad ang kanilang kasunduan sa gawad);
2. Paglalarawan sa Proyekto at pangkalahatang pananaw sa Proyekto, mga kaugnay na gastos, at ang iminumungkahing paggamit sa hinaharap, na naglalarawan sa kalagayan sa kasalukuyan at sa hinaharap ng ari-arian/(mga) gusali (iyon ay, bakante, may bahaging bakante, inabandona, may mga pagkabag sa kodigo, mga paggamit kamakailan, anumang lokal, pang-estado, o pederal na makasaysayang pagtatalaga/pagiging karapat-dapat, nasa brownfield na lugar, lokasyon sa loob ng itinalagang lugar ng muling pagpapaunlad, atbp.); mga kasalukuyan o naipianong pagsusumikap sa pagpapaunlad/muling pagpapaunlad sa lugar na malapit sa lokasyon ng Proyekto.
3. Tukuyin kung aling mga Konsiderasyon na may Lokal na Epekto, na nakadetalye sa itaas, ang tutugunan ng Proyekto at ilarawan ang pangangailangan para sa Proyektong ito sa komunidad at kung paano mapapakinabangan ng Atlantic City ang Proyekto sa kabuuan, ang inaasahang epekto sa ekonomiya at lokal na epekto sa komunidad, mga layunin sa pagpapaunlad, paglikha ng mga inaasahang trabaho, at mga inaasahang lokal na epekto, kabilang ang posibleng inaasahang pagtaas ng trapiko ng tao at pampublikong pag-access;
4. Paliwanag sa kung paano tinutugunan ng Proyekto ang negatibong epekto sa Atlantic City bilang resulta ng COVID-19;
5. Ang lokasyon ng proyekto ay kailangang matagpuan sa loob ng Atlantic City;
6. Magbigay ng salaysay (at mga dokumento sa tuwing naaangkop) na naglalarawan ng pagiging matatag/posible ng iminumungkahing proyekto kabilang ang kasalukuyang katayuan sa pagsosona, mga lokal na suporta, pagkilala sa mga posibleng kumplikasyon o hamon sa pamamaraan, at magbigay ng pangunahing plano sa pagbabadyet at pagpopondo ng Proyekto, na isasama ang template ng Authority sa pinagkukunan at mga paggamit.
7. Iskedyul ng pagsasapanahon/pagpapatupad ng pagpapaunlad ng proyekto na nagsasaad ng kahandaan para magpatuloy sa proyekto at para sa dagdag na paggamit sa hinaharap. Kailangan ding maipakita na makukumpleto ang proyekto bago ang 12/31/26;
8. Dokumentasyon ng aplikante sa pagbuo at organisasyon at/o nag-aawtorisang dokumentasyon ng aplikante;
9. Salaysay at dokumentasyon ng karanasan sa nakaraang proyekto (kung naaangkop) at ang

kapasidad na isagawa o kumpletuhin ang Proyekto sa pamamagitan ng pagbibigay ng paglalarawan at pagbibigay ng dokumentasyon sa tatlong katulad na proyekto (sa saklaw at laki ng badyet) sa iminumungkahing Proyekto; at

10. Detalyadong badyet ng proyekto na ibinibigay ng isang kontratista sa Public Works na sinertipikahan at nakarehistro sa NJ, kabilang ang lahat ng gastos sa Proyekto mula sa bago ang pagpapaunlad at konstruksyon hanggang sa pagsasara at Sertipiko ng Pag-okupa. Kailangang kasama sa lahat ng kontrata sa trabaho at pagkakabit ng kagamitan ang mga Halaga ng Umiiral na Sahod sa NJ.
11. Kailangang magbigay ang mga aplikante ng dokumentasyon bilang katibayan na ganap nilang nakuha ang iba pang 50% ng pagpopondo bago ang pag-apruba.

Ang mga Aplikante ay kailangang magbigay ng maraming detalye hangga't maaari tungkol sa mga hakbang sa Proyekto, badyet ng Proyekto, epekto sa komunidad, inaasahang pagsasapanahon para sa Proyekto mula sa simula hanggang sa katapusan upang ipakita kung paano gagamitin ang mga Gawad na pondo.

Halaga ng Gawad

Ang mga gawad na grant ay magiging hanggang 50% ng kabuuang gastos sa Proyekto (mga hard at soft cost sa konstruksyon). Minimum na halaga ng gawad na \$250,000 at maximum na halagang \$2.5 milyon. Magkakaroon isang gawad kada EIN.

Kasunduan sa Gawad at mga Paglalabas ng Pagpopondo

Ang Authority ay papasok sa Kasunduan sa Gawad lamang sa inaprubahang Administrador na aplikante, at ang aplikanteng magiging responsable sa pagtitiyak ng pagsunod sa mga tutunin at kondisyon g Kasunduan sa Gawad, umiiral na batas sa sahod ng New Jersey at iba pang mga kinakailangan sa mga pamantayan sa trabaho. Ang pagsunod sa mga karagdagang kinakailangan ng Estado ay maaaring maiangkop depende sa mga detalye ng Proyekto at mga halaga ng pagpopondo, na posibleng kabilang ang New Jersey Executive Order 215 noong 1989 hinggil sa kinakailangan para sa mga pagtatasa sa kapaligiran.

Upang matiyak na ginagamit nang maayos ang gawad at natatanggap ng komunidad ang benepisyo, isasama rin sa Kasunduan sa Gawad ang probisyon na titiyakin ng Authority na ang paggamit sa proyekto ay mapapanatili at hindi maibenta ng hindi bababa sa 5 taon pagkatapos makumpleto ang proyekto. Kakailanganing maihain ang 5 taong restriksyon sa kasulatan sa ari-arian gammit ang kinakailangang wika sa restriksyon ng Authority. Ilalabas ang restriksyon sa kasulatan ng Authority pagkatapos ng 5 taon mula sa pinal na kabayaran at pagkumpleto ng pagsasara ng Proyekto.

Kung hindi nakumpleto ang Proyekto, kakailanganing bayaran ng Ginawaran ang halaga ng mga pondong ibinigay sa kanila.

Ilalabas lamang ng Authority ang mga gawad sa aplikante pagkatapos ng paglalabas ng kasunduan sa gawad. Ang paglalabas ng Gawad na pagpopondo ay ibabatay sa mga hiniling na pagkuha ng aplikante na kinakalkula batay sa mga inaasahang gastos sa kontrata o ginastos na halaga pagkatapos maaprubahan sa pagdodokumento ng mga paggamit (tulad ng mga dokumentong AIA, kabayaran sa

kontrata para sa mga serbisyo ng pagbibigay sa panahon ng konstruksyon, at mga nabayaranang invoice na nauugnay sa Proyekto).

Pahihintulutan ng Authority ang mga progresibong pagkuha ng mga gawad na pondo para suportahan ang mga progresibong gastos sa proyekto (\$50,000 na pinakamababa sa lahat ng kahilingan maliban kung ito ang pinal na kahilingan) at ang mga naturang kahilingan ay hindi kinakailangang maging pro-rata na mga pagbawi ng ibinayad batay sa mga naipon na aktwal na gastos.

Magsasagawa ang mga kawani ng mga random na pagbisita sa lugar at magdaraos ng pinal na paglalabas ng 10% ng kabuuang gawad hanggang sa makumpleto ang pagsasara ng Proyekto. Maaari ring humiling ang mga kawani ng anumang iba pang suporta o dokumentasyon sa tuwing kailangan para sa mga pagkuha.

Ang aplikante ay kailangang magsumite ng kahilingan sa pagsasara ng Proyekto bago ang huling paglalabas ng 10% ng ibinigay na gawad. Ang kahilingan sa pagsasara ng Proyekto, ay kailangang isama ang, ngunit hindi limitado sa, lahat ng kinakailangang impormasyon sa katibayan ng pagkumpleto ng proyekto at, kapag naaangkop, ang Pansamantalang Sertipiko ng Pag-okupa. Sa oras na matanggap, magsasagawa ang mga kawani ng pagbisita sa lugar para makumpirma at maidokumento ang nakumpletong Proyekto (kabilang ang sa pamamagitan ng mga larawan).

Mga Singil

Kailangan ang hindi mababawing bayad na \$1,000 sa panahon ng pagsusumite ng aplikasyon at maaaring mabayaran sa pamamagitan ng credit card lamang.

Karagdagang Impormasyon

Makukuha ang komprehensibong impormasyon tungkol sa Atlantic City Revitalization Grant Program is available sa

[Atlantic City Revitalization Grant Program \(Programang Gawad sa Muling Pagpapasigla ng Atlantic City - Yugto 2 - NJEDA\)](#)

Hinihikayat ang mga aplikanteng makipag-ugnayan sa mga tauhan ng Authority bago isumite ang aplikante upang tugunan ang anumang tanong o mga alalahanin. Ang mga tanong tungkol sa Abiso sa Pagkakaroon ng Pagpopondo ng Programang ito at ang proseso ng aplikasyon ay dapat isumite sa ACrevitalization@njeda.gov.

Napapailalim ang pagpopondo para sa gawad na ito sa mga batas ng Pamahalaan ng Estado at Pederal na Pamahalaan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na maaaring maapektuhan ang mga kaanib: N.J.S.A. 52:32-60.1, at mga kasunod, na pinipigilan ang mga entidad ng pamahalaan ng New Jersey sa mga partikular na pakikipag-areglo sa mga negosyong sangkot sa mga ipinagbabawal na aktibidad sa Belarus o Russia; Pagsunod sa listahan ng "Mga Partikular na Itinalagang National at Hinaharalang Indibidwal" na ipinahayag ng Office of Foreign Assets Control (OFAC), <https://sanctionssearch.ofac.treas.gov/> ; N.J.S.A. 24:6I-49 na nagsasaad na ang mga sumusunod ay hindi karapat-dapat sa karamihan sa mga insentibong pang-ekonomiya ng Estado at lokal na pamahalaan (a) isang indibidwal o entidad na inisyuhan ng lisensyang magpatakbo bilang

nagtatani, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o serbisyong naghahatid ng cannabis, o taga-empleyo ng tagapangasiwa ng cannabis na sinertipikahan para sa personal na paggamit upang gampanan ang gawain para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at (b) may-ari ng property, developer, o tagapagpatakbo ng proyektong gagamitin, ang kabuuan o bahagi nito, sa pamamagitan ng o upang mapakinabangan ng nagtatanim, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis, o magpatrabaho sa nangangasiwa sa cannabis na sinertipikahan para sa personal na paggamit upang gampanan ang gawain para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at N.J.S.A. 52:13D-12, at kasunod., na nagbabawal sa isang miyembro ng Lehislatura o isang opisyal o empleyado ng Estado o kanyang mga katuwang o korporasyon kung saan pag-aari o kontrolado ang mahigit 1% ng stock na gawin o ipatupad ang nasa kontrata, kasunduan, pagbebenta, o pagbili ng\$25.00 o higit pa, na ginawa, pinasok, iginawad o ibinigay ng anumang ahensya ng Estado, na may mga partikular na limitadong eksepsyon kabilang ang mga gawad na grant ng New Jersey Commission on Science, Innovation and Technology.

